**Social Sciences and Development Review**
Volume 18, No. 1, 2026

Polytechnic University of the Philippines




# Politeness Theory sa Konteksto ng Mamasapano-Era Senate Hearing: Pagsusuri ng Interaksyon ng mga Senador at Resource Speaker

# Politeness Theory in the context of the Mamasapano-era senate hearing: Examining interactions between senators and resource speakers

**Eduardo Teodoro B. Ramos, Jr.**
Arellano University
eduardo.ramos@arellano.edu.ph

DOI: https://doi.org/10.70922/xxax4w71

Submit to this journal

Other related articles

Announcements

Other PUP Journals

**Article History:**

Date received: August 1, 2025
Date accepted: February 11, 2026

**Other citation formats:**

MLA Chicago

**How to Cite this paper:**

Ramos, E. T. B. Jr. (2026). Politeness Theory sa Konteksto ng Mamasapano-Era Senate Hearing: Pagsusuri ng Interaksyon ng mga Senador at Resource Speaker. *Social Sciences and Development Review, 18*(1), pp. 153-172. https://doi.org/10.70922/xxax4w71

Please contact the publisher for any further use of this work at socialsciencesreview@pup.edu.ph.

Copyright © 2026 CC BY-NC 4.0

# Politeness Theory sa Konteksto ng Mamasapano-Era Senate Hearing: Pagsusuri ng Interaksyon ng mga Senador at Resource Speaker

## *Politeness Theory in the context of the Mamasapano-era senate hearing: Examining interactions between senators and resource speakers*

**Eduardo Teodoro B. Ramos, Jr.**
Arellano University
eduardo.ramos@arellano.edu.ph

**ABSTRAK**

Maituturing na hitik sa interaksyon ang *senate hearing* o pagdinig sa senado, na isang uri ng diskursong pampulitika at pampubliko. Isa sa mga katangian ng isang pagdinig ay ang pagganap ng ilang mga senador bilang mga imbestigador, lalo na ang mga chairperson ng mga komiteng humahawak sa isyung sinisiyasat. Ang ikalawang katangian ay ang pagiging *interactive* o pagkakaroon ng interaksyon. Ikatlo, ang pag-uugnayan ay karaniwang pormal sapagkat malaki ang agwat ng mga *interlocutor* pagdating sa estado at antas. Ang isang huling katangian ay kadalasang inila-live stream ang mga hearing upang mabatid ng mga mamamayan ang mga kaganapan. Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa Politeness Theory nina Brown at Levinson. Ang teorya ay tumutukoy sa mga istratehiyang positibo at negatibo, na maaaring lumikha ng pakikipag-ugnayan o paglayo. Ginamit ang *transcript* ng huling pagdinig sa Mamasapano *incident* at sinuri ang iba't ibang mga uri ng politeness strategy sa bawat linya ng dayalogo. Batay sa resulta ay mas palasak ang mga negatibong *politeness strategy* kaysa mga positibong istratehiya sapagkat palasak ang pagiging pormal, ang pagiging tahasan sa pagsasalaysay ng mga pangyayari, at paglilinaw ng mga salaysay. Inirekomenda ng pag-aaral na pag-aralan din ang iba pang mga senate hearing at suriin din ang mga face-threatening act upang mas mapag-aralan ang *politeness* sa ibang aspeto.

**Mga susing-salita:** *diskursong pampulitika, face, Politeness Theory, positive and negative politeness strategies, senate hearing*

**ABSTRACT**

Senate hearings are defined as a type of public political discourse that is rich in interpersonal communication. Among of the characteristics of a senate hearing are senators' adopting of the roles of investigator and interrogator; prevalence of interactivity between senators and resource persons; dominance of formality, which is palpable especially in status-related differences between senators and resource persons; and accessibility to the general public through live broadcasts on traditional and social media. This study is anchored on Brown and Levinson's Politeness, which focuses on positive and negative politeness strategies. The data used consisted of transcripts from the senate hearing on the Mamasapano incident in 2015, and these were examined in terms of the dominant politeness strategies. The results generally revealed that the majority of the politeness strategies were negative, which are due to the formal orientation of senate hearings, the requirement that resource persons narrate events truthfully, and the presence of explanations. The study recommends that other senate hearings be examined and that face-threatening acts be examined in order to investigate other aspects of politeness.


**Keywords:** *Face, Politeness Theory, political discourse, positive and negative politeness strategies, senate hearing*

## INTRODUKSYON

Tungkulin ng mga pulitiko ang makibahagi sa mga diskursong pampubliko at magkaroon ng mahalagang papel sa lipunan. Ang paglahok nila sa mga diskurso bilang tagapagbahagi ng kaalaman at tagapagpasa at tagapagpatupad ng mga batas ay karaniwang ginagawa upang sila ay magpakita ng kanilang awtoridad, magsagawa ng kanilang mga tungkulin, magpahiwatig ng kanilang mga kaalaman, pananaw, at damdamin sa madlang tao, at maging mas kilala sa higit pang nakararami maliban sa kanilang mga nasasakupan. Tungkulin din ng mga pulitiko na magpakita ng kagandahang-asal sa gawa at sa wika sapagkat tungkulin nilang kilalanin ang karapatan ng mga mamamayan, bigyan ng pantay-pantay na pagtingin at paggalang ang lahat, at ipaalam ang katotohanan (Klotz, 1999). Sa pamamagitan ng mga midyum gaya ng mga pahayagan, radyo, telebisyon, at maging ang internet ay naisasakatuparan ng mga pulitiko ang kanilang mga tungkulin at nasasabi ang kanilang mga nais na sabihin, kagaya ng kanilang mga plataporma, mga pagkukuru-kuro sa mga pangyayari, at mga pagsisiyasat sa mga isyung nagbibigay ng malalaking mga suliranin sa bayan at sa madla. Ilan sa mga halimbawa ng mga *avenue* na ginagamit ng mga pulitiko ay ang mga *political rally*, mga pagtatalumpati sa mga

pampublikong pagtitipon, mga interbyu sa mga programang pantelebisyon at pang-radyo, at mga *senate hearing* na sabay-sabay na naisasahimpapawid sa radyo at sa telebisyon, na kadalasan ay pawang may mga tradisyonal at *digital* na plataporma.

Ang *senate hearing* ay isang uri ng diskursong pampulitika na kahalintulad ng mga interbyung pampulitikal sa radyo at/o telebisyon. Parehong may mga tagapakinig at tagapagsalita ang *senate hearing* at ang interbyung pampulitikal sapagkat may isang nagsisilbi bilang tagapagtanong at may isa ring nagsisilbi bilang tagapagsagot, ngunit nangyayari rin na kung minsan ay nagsasalitan sila sa pag-uusap. Sa konteksto ng *senate hearing* ay may tatlong uri ng mga pangunahing *interlocutor* o mga nagtatalastasan: **a) Ang pinuno ng senate committee na nagsisiyasat sa isyu at nagsisilbi bilang tagapamagitan, b) Mga senador na nagsisilbing mga imbestigador, at c) Mga *resource person*,** na nagsisilbing mga tagapagbigay ng kaalaman at mga saksi at/o target ng imbestigasyon. Ineere ang mga *senate hearing* sa mismong araw at oras ng mga *proceeding* sapagkat kinakailangang masubaybayan ng mga tagapakinig at/o tagapanood – mga karaniwang mamamayan, mga pulitiko, mga mamamahayag, at iba pa –ang mga pangyayari para mabatid nila ang mga kahihinatnan ng mga *senate hearing*. Ang isang karaniwang *senate hearing* ay tumatagal nang higit sa dalawang oras dahil sa rami ng mga pinag-uusapan, kaya ang ginagawa lamang ng mga tradisyonal at *digital* na *broadcast media outfit* kagaya ng ABS-CBN, One News PH, GMA, PTV-4, UNTV, A2Z, Rappler, at iba pa, ay ineere ang bawat *senate hearing* mula dalawa o hanggang tatlong oras. Ang ilan sa mga isyung naging paksa ng mga *senate hearing* ay ang kaso ng Dengvaxia na kinasangkutan ng Department of Health at ilang mga matataas na opisyal; ang PHP 6-bilyong droga na kung saan ay may kinalaman ang Bureau of Customs at; ang Mamasapano *incident*, na kinasasangkutan nina dating pangulong Benigno Simeon Aquino III at iba pang mga matataas na opisyal noon ng Philippine National Police (PNP).

Ang Mamasapano *incident* ay isang pangyayaring gumimbal sa buong Pilipinas at maging sa buong daigdig sapagkat maraming tao ang nasawi, kabilang ang 44 na kasapi ng Special Action Force (SAF). Nagbunga ito mula sa OPLAN: Exodus, na operasyong iminungkahi ni dating pangulong Aquino kina noo'y hepe ng PNP na si Hen. Alan La Madrid Purisima at sa noo'y direktor ng SAF na si Hen. Getulio Napeñas. Ito ay naganap noong Enero 25, 2015 (araw ng Linggo) sa bayan ng Mamasapano, lalawigan ng Maguinadanao at naganap ang malagim na pangyayari sapagkat tinutugis noon ng mga maykapangyarihan ang teroristang si Marwan (Quimpo, 2016; Villareal, 2016). Ang insidente ay isa rin sa mga resulta ng mahigit sa isang siglong kaguluhan sa Mindanao, partikular na sa rehiyon ng Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) at pakikipaglaban para sa kapayapaan at para sa pagkilala ng Pilipinas sa mga taga-ARMM (Strachan, 2015).

Ilan sa mga halos kahalintulad na pagsasaliksik ay ukol sa mga interbyung pampulitika at mga sesyong pamparlamentaryo, na halos kawangis ng *senate hearing*. Isinaliksik nina Khan at Anwar (2016) ang mga panayam ng mga mamamahayag ng New York Times sa kahahalal lamang na pangulo ng Estados Unidos na si Donald Trump. Batay sa mga resulta ng pag-aaral ay higit na ginamit ni Pangulong Trump kaysa sa mga tagapanayam ang ilang mga *positive politeness strategies* kagaya ng paggamit ng panghalip na "*we*", pagbibiro, pagsasang-ayon, at pagturing sa mga kausap bilang mga kapantay; pagdating naman sa *negative politeness strategies* ay higit na ginamit ng mga tagapanayam ang pagtatanong, paggalang, paghingi ng paumanhin, at hindi pagiging labis na tahasan upang maisalarawan ang pagkilala sa mataas na estado ni Pangulong Trump. Inihambing naman ni Missikova (2009) ang mga pampulitikal na panayam sa telebisyon sa Slovakia at Estados Unidos. Ipinakita ng mga resulta ng pag-aaral ni Missikova na ang mga pampulitikal na panayam sa Slovakia ay mas gumagamit ng mga istratehiyang nagpapamalas ng pagiging pormal at hindi tahasan habang ang mga pampulitikal na panayam naman sa Estados Unidos ay gumagamit ng mga istratehiyang nagpapakita ng pagiging impormal, tahasan, at *cordial* kahit na ang mga *interviewee* ay mga pulitiko. Sa kontekstong Aprikano, sinuri nina Ambuyo, Indede, at Karunja (2011) ang pag-uusap ng mga kasapi ng parlamentaryo at doon ay natuklasang parehong positibo at negatibong mga *politeness strategy* o istratehiyang paggalang ang ginamit; kabilang sa mga positibong istratehiya ay ang pagbibiro, paggamit ng panghalip na pangmaramihan na "*we*", pagturing sa mga kausap bilang mga kapwa kasapi ng pagpupulong habang ang ilang mga negatibong istratehiya ay ang pagiging hindi tahasan, paggamit ng mga *hedge* (gaya ng *should, could, possibly, perhaps,* at iba pa), at paghingi ng paumnahin. Sa isinagawang pagsusuri ni Aremu (2015) sa mga pampublikong awitin ng mga pulitiko sa Kanlurang Nigeria, na maituturing na isang impormal na pampulitikang diskurso, napag-alamang palasak ang mga negatibong istratehiyang paggalang gaya ng panghahamon, pang-iinsulto sa kapwa pulitiko, pagbabalak na maghiganti sa kahit anong pamamaraan, pagpapaliguy-ligoy, at paggamit ng mga tayutay upang ikubli ang mga tunay na kahulugan ng pagsasalarawan sa mga karibal. Pagdating sa kontekstong Asyano, pinag-aralan nina Cakir, Kokpinar Kaya, at Kara (2016) ang mga ginagamit na istratehiyang paggalang sa mga panayam sa ilang mga matataas na opisyal ng pamahalaang Turkey at ayon sa mga resulta ay napagmasdang ang kadalasang mga istratehiyang gamit ng mga opisyal ay ang pag-iwas, pang-iinsulto sa *interviewer*, pagbibiro, pagpapaliguy-ligoy, hindi pagsagot sa tanong, at pagsasagot sa isang tanong sa pamamagitan ng isa pang tanong. Sa pag-aaral ni Al-Rassam (2010) sa mga diskursong pulitikal – gaya ng mga debate at panayam sa Iraq. Lumabas na kadalasan ay gumagamit ng mga istratehiyang negatibo ang mga pulitiko, kagaya ng pagpapaliguy-ligoy, paglikha ng katatawanan sa pamamagitan ng salita (*word play*), paggamit ng mga bersikulo mula sa banal na aklat, at bahagyang pagkubli sa ninanais na ipahiwatig. Sa pag-aaral nina Pangestika, Agustina, at Manaf (2018) tungkol sa mga istratehiyang paggalang sa mga panayam sa mga kandidato

sa halalan sa Jakarta, Indonesia, nailantad na kadalasan ay ginagamit ang mga negatibong istratehiya at pumangalawa ang mga tinatawag na *vague politeness*; ang ilan sa mga kapuna-punang mga uri ng istratehiyang negatibo na ginamit ng mga nakapanayam na pulitiko ay ang panlalait, paninisi, paninirang-puri, at pambibintang, na mga bunga ng kagustuhan ng mga *interviewee* na pababain ang pagtingin ng madla sa kani-kanilang mga katunggali sa halalan. Sa pag-aaral ni Li (2008) ukol sa mga paglabag sa prinsipyo ng *politeness* sa konteksto ng panayam ng ilang mga mamamahayag sa tagapagsalita ng Chinese Foreign Ministry tungkol sa isyung kinasasangkutan ng Tsina at Hilagang Korea; batay sa mga resulta, madalas na naisagawa ang mga *negative politeness strategy* kaya ng pagpapaliguy-ligoy, pag-iwas sa tanong, pagtanggi sa pagsagot, at hindi pagiging tahasan sa pagsagot, na mga napagmasdang pamamaraan ng *interviewee* upang maipahiwatig sa mga mamamahayag ang kanyang pagiging makapangyarihan at may mataas na katungkulan. Sina Buddharat, Ambele, at Boonsuk (2017) ay nagsuri ng mga debate ng mga Amerikanong kandidato sa pagkapangulo, kung saan, natuklasan na karamihan sa mga istratehiyang ginamit ng mga pulitiko ay negatibo, kagaya ng pagtanggi, pagpalit ng paksa, pagkukubli ng mahahalagang impormasyon, pagiging eksaherado, paggamit ng mga tayutay, at paglikha ng kalituhan sa kausap at sa mga tagapanood. Lahat ng mga pag-aaral na nakasaad ay pawang nagpapakita ng mga *negative politeness strategy* maging ang ilang mga *negative face-threatening act*. Nilalayon ng kasalukuyang pag-aaral na suriin ang isang *senate hearing* pagdating sa mga ginagamit na istratehiyang paggalang.

Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa *framework* na ***Politeness Theory*** nina Brown at Levinson (sa Aremu, 2015; Redmond, 2015; Li, 2008), na nagsasaad na ang bawat tao, lalo na ang isang kilala sa lipunan, ay may taglay na *face* o mukha, na unang isinaad ni Erving Goffman noong 1967. Ayon kay Goffman (sa Crespo, 2005) ay may malaking bahagi ang *face* sa pagpapanatili o pagyurak sa pagkatao ng isang tagapagsalita at ng isang tagapagpakinig; ang pagpapanatili ng *face* ay nagdudulot ng magandang pakikipag-ugnayan at pakikipagmabutihan habang ang pagyurak nito, na tinatawag ding *face-threatening acts*, ay nagdudulot naman ng paglayo, pag-iwas, at pakikipagtunggalian (Boicu, 2007; Aremu, 2015). Mahalaga ang *face* sapagkat dito nakabatay ang pagkilos ng mga *interlocutor* sa isang usapan, pampribado man o pampubliko, maging ang kanilang mga damdamin, mga pagkilos upang mailantad o maikubli ang kani-kanilang mga saloobin at ideya, at mga pag-aasal patungo sa isa't-isa. Sa larangan ng diskursong pulitikal, may malaking papel ding ginagampanan ang *politeness* o paggalang sapagkat dapat malaman ng mga pulitiko at ng kanilang mga nakakasalamuha, maging sila ay pulitiko rin, mga taga-*mass media*, o mga bahagi ng masa, ang kanilang mga estado, mga inaasahang mabubuting pag-uugali at pananalita, at pagsunod sa mga alituntunin at batas ng lipunang kanilang kinabibilangan. Ayon kay Yule (sa Khan & Anwar, 2016), malaki ang bahagi ng *politeness* at ng mga *politeness strategy* sa paglago ng diskursong pampulitikal kaya kinakailangan ng mga *interlocutor* na isaalang-alang ang konteksto/kapaligiran, estado

ng kausap at ng mismong nagsasalita, kulturang kinabibilangan ng kausap at ng mismong nagsasalita, paksa ng pag-uusapan, at midyum. Ang mga *positive politeness strategy* ay naglalayong lumikha ng magandang pakikipag-ugnayan sa kausap, umani at magbigay ng mga papuri at paggalang habang ang mga *negative politeness strategy* ay naglalayong ilayo ang sarili mula sa kalituhan at hidwaan at magbigay-pugay sa kausap, lalo na kung siya ay may mataas na antas sa lipunan o organisasyong kinabibilangan. Makikita sa ilalim ang ilang mga halimbawa ng mga positibo at negatibong istratehiyang paggalang ayon kina Brown at Levinson (sa Khan & Anwar, 2016; Boicu, 2007; Redmond, 2015; Khan & Anwar, 2016), na isinalin ng mananaliksik:

**Table 1**

*Mga Karaniwang Politeness Strategy ayon sa Klase*

| POSITIVE STRATEGIES | NEGATIVE STRATEGIES |
|---|---|
| 1. *Jokes/use of humor* (pagbibiro) | 1. *Apologies and compensations* (paghingi ng paumanhin) |
| 2. *Use of plural first-person pronouns* (paggamit ng mga panghalip) | 2. *Circumlocution* (pagpapaliguy-ligoy) |
| 3. *Approbation* (pagbibigay puri) | 3. *Answering a question with a question* (pagsagot ng tanong gamit ang isa pang tanong) |
| 4. *Solidarity* (pakikisama) | 4. *Explanations* (pagpapaliwanag) |
| 5. *Use common ground* (pag-uusap tungkol sa isang palasak na paksa o kaalaman) | 5. *Ignoring and denying* (pagtanggi) |
| 6. *Offer or promises* (pag-alok) | 6. *Deference* (paggalang at pagpapaubaya) |
| 7. *Use of identity markers* (pagbibigay-pagkilala sa kausap) | 7. *Use of hedges* (paggamit ng mga salitang nakababawas ng pagiging malala o tahasan) |
| 8. *Notice, attention* (pagbibigay-pansin) | 8. *Evasion* (pag-iwas sa isang tanong) |
| 9. *Exaggeration* (paggamit ng pandamdam) | 9. *Indirectness* (pagiging hindi tahasan) |
| 10. *Agreeing* (pagsang-ayon sa kausap) | 10. *Using obviating structures* (paggamit ng mga nominalisasyon at passive na istruktura) |
| 11. *In-group* (pagsali sa kausap sa usapan) | 11. *Use of sarcasm and other figures of speech* (paggamit ng mga tayutay) |

| POSITIVE STRATEGIES | NEGATIVE STRATEGIES |
|---|---|
| 12. *Reciprocity* (pagganti sa mga pabor) | 12. *Criticisms and disapproval* (kritisismo) |
| 13. *Being optimistic* (pagiging positibo sa paggamit ng mga salita) | 13. *Asking for clarifications* (paghingi ng paliwanag) |
| 14. *Expression of interest* (pagkagusto) | 14. *Being pessimistic* (pagiging negatibo) |
| 15. *Giving or asking reasons* (pagdadahilan o paghingi nito) | 15. *Minimizing the imposition* (pagbabawas ng pagiging tahasan sa pakiusap o utos) |

Ang unang layunin ng kasalukuyang pananaliksik ay tuklasin ang mga positibong *politeness strategy* na ginagamit ng mga senador at mga resource person sa senate hearing. Ikalawa namang layunin ang alamin ang mga negtibong *politeness strategy* na ginagamit ng mga senador at mga resource person.

Layunin ng pag-aaral na ito ang sagutin ang mga sumusunod na katanungang pansaliksik:

1. Paano nalilikha ng mga senador at mga resource person ang positibong pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng mga istratehiyang pang-*politeness*?
   Paano nababawasan ng mga senador at mga resource person ang *negative face* sa konteksto ng *senate hearing*?

**PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK**

Ang kasalukuyang pag-aaral ay gumamit ng mixed method, na kinabibilangan ng *discourse analysis* at ng simpleng *quantitative* na pagsusuri sapagkat binilang ang ilang ulit ng paggamit ng mga positibo at negatibong istratehiyang paggalang ng mga taong nagsasalita sa *senate hearing*. Ang datos na ginamit ng mananaliksik ay ang isang *transcript* ng isang *excerpt* ng huling *senate hearing* noong Pebrero 24, 2015 ukol sa Mamasapano Incident, na tumagal nang humigit-kumulang na 30 minuto at inihalaw mula sa personal na pahina ng isa sa mga senador na naitampok sa pagpupulong. Pinili ng mananaliksik ang *transcript* sapagkat naisalin na ito sa *web page* at hindi na kinailangan pang isulat ang kabuuang mga dayalogo.

Nai-*download* ng mananaliksik ang ginamit na transcript. Nilagyan niya ng bilang ang bawat talata ng diyalogo (dahil dalawa o mahigit ang nakita sa transcript) upang magamit iyon bilang gabay sa pag-*label* at pagbibilang ng mga datos ayon sa dalas ng paglabas. Ginamit ng mananaliksik bilang batayan ang table 1 upang alamin ang mga istratehiyang ginamit sa mga interaksyon at naglaan siya ng mga code sa mga ito upang mas mapadadali ang pagsusuri. Makikita sa ibaba ang mga uri ng istratehiya at ang kani-kanilang mga code:

**Table 2**

*Mga Politeness Strategy at mga Code*

| | |
|---|---|
| 1. *Jokes/use of humor* (**JKE**) | *1. Apologies and compensations* (**APL**) |
| 2. *Use of plural first-person pronouns* (**UPL**) | *2. Circumlocution* (**CIR**) |
| 3. *Approbation* (**APP**) | *3. Answering a question with a question* (**AQQ**) |
| 4. *Solidarity* (**SOL**) | *4. Explanations* (**EXP**) |
| 5. *Use common ground* (**UCG**) | *5. Ignoring and denying* (**IGN**) |
| 6. *Offer or promises* (**OPR**) | *6. Deference* (**DFR**) |
| 7. *Use of identity markers* (**IDM**) | *7. Use of hedges* (**HDG**) |
| 8. *Notice, attention* (**NA**) | *8. Evasion* (**EVS**) |
| 9. *Exaggeration* (**EXG**) | *9. Indirectness* (**IND**) |
| 10. *Agreeing* (**AGR**) | *10. Using obviating structures* (**OBV**) |
| 11. *In-group* (**IGR**) | *11. Use of sarcasm and other figures of speech* (**SRC**) |
| 12. *Reciprocity* (**REC**) | *12. Criticisms and disapproval* (**CRT**) |
| 13. *Being optimistic* (**OPT**) | *13. Asking for clarifications* (**CLR**) |
| 14. *Expression of interest* (**INT**) | *14. Being pessimistic* (**PES**) |
| 15. *Giving or asking reasons* (**RSN**) | *15. Minimizing the imposition* (**MIN**) |

## MGA RESULTA AT DISKUSYON

1. Paano nalilikha ng mga senador at mga resource person ang positibong pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng mga istratehiyang pang-*politeness*?

**Table 3.**

*Mga Ginamit na Positibong Politeness Strategy sa Senate Hearing*

| MGA POSITIBONG POLITENESS STRATEGY | N | % |
|---|---|---|
| *Higit sa isang istratehiya* | 4 | 40% |
| *Giving or asking reasons* (**RSN**) | 2 | 20% |
| *Offer or promises* (**OPR**) | 1 | 10% |
| *Agreeing* (**AGR**) | 1 | 10% |
| *Reciprocity* (**REC**) | 1 | 10% |
| *Being optimistic* (**OPT**) | 1 | 10% |
| *Jokes/use of humor* (**JKE**) | 0 | 0% |
| *Use of plural first-person pronouns* (**UPL**) | 0 | 0% |
| *Approbation* (**APP**) | 0 | 0% |
| *Solidarity* (**SOL**) | 0 | 0% |
| *Use common ground* (**UCG**) | 0 | 0% |
| *Use of identity markers* (**IDM**) | 0 | 0% |
| *Notice, attention* (**NA**) | 0 | 0% |
| *Exaggeration* (**EXG**) | 0 | 0% |
| *In-group* (**IGR**) | 0 | 0% |
| *Expression of interest* (**INT**) | 0 | 0% |
| **KABUUANG BILANG** | **10** | **100%** |

Batay sa resultang makikita sa itaas, makikitang hindi gaano kapalasak ang mga positibong istratehiyang paggalang sa *senate hearing*. Ang resultang ito ay kabaligtaran sa resulta ng pag-aaral ni Missikova (2009) at nina Khan at Anwar (2016) pagdating sa *positibong* istratehiyang paggalang, sapagkat napansin sa resulta ng kani-kanilang pag-aaral ang pagiging bukas at magiliw sa pagitan ng mga pulitiko at mga tagapanayam. Ang isang posibleng dahilan ay ang pagiging pormal ng isang senate hearing, kung saan ay inaasahan ang lahat ng mga *interlocutor* na sumunod sa mga *protocol* o patakaran ng Senado, na kadalasan ay humahantong sa pagiging pormal ng kapaligiran at usapan. Ikalawa, marahil ay hindi naglalayon ang mga senador at mga *resource person* na makipag-ugnayan sa mas personal at malalimang lebel dulot ng pagkakaiba ng kani-kanilang mga estado, kung saan ay higit pang

nakatataas ang mga senador kaysa sa mga *resource person*. Ang ikatlo at huling dahilan ay ipinapataw ng mga senador na pawang katotohanan lamang ang dapat na isiwalat upang hindi magkamali ang mga *resource person* at nang hindi masayang ang oras ng lahat ng mga nag-uusap, lalo na at mas marami pang mga usapin ang dapat pang talakayin sa pagpupulong.

Pagdating naman sa pagiging palasak ng mga resultang nasa itaas, mas nangibabaw ang higit sa isang istratehiyang magkakasabay na nakita sa isang talata. Ang isa sa mga kombinasyon ng istratehiyang nakita ay ang *Identity Marker/Offer or Promises* (IDM/OPR), kung saan ginamit ni MILF chief negotiator Mohagher Iqbal ang salitang "po", na katangi-tangi sa mga Pilipino sapagkat ito ay tanda ng paggalang, habang isinasaad niya ang kanyang pagpangako na gagawin ang lahat upang maisaayos ang suliranin tungkol sa insidente sa Mamasapano (*naka-italicize* ang mga salitang tumutukoy sa *identity marker* habang **naka-bold** ang tumutukoy sa *offer or promises*):

> **MOHAGHER IQBAL:** It was a regrettable incident, it was a tragic incident that resulted in the loss of 44 SAF commandos and 18 MILF fighters on that fateful January 25 incident *po*. So on our part, while we understand the material consideration, but on our part, it is the symbolism *po*, the gesture of goodwill, that **we are willing to do anything that is possible for us to do.**

Ang isa pang halimbawa ng kombinasyon ng dalawang positibong istratehiyang paggalang ay ang *Identity Marker/Giving or Asking of Reason* (IDM/RSN), gaya ng halimbawa na makikita sa ibaba, kung saan ay ipinaliliwanag ng hepe ng *Government Peace Panel* na si Professor Miriam Coronel-Ferrer na hindi maaaring kausapin ang isang kumander ng hukbong sandatahan ang kanyang mga tauhan dulot ng kahinaan ng *signal* sa pook kung saan naganap ang isa sa mga labanan (*naka-italicize* ang mga salitang tumutukoy sa *identity marker* habang **naka-bold** ang tumutukoy sa *reason*):

> **CHAIRPERSON MIRIAM FERRER:** Hindi na *po*. **Kasi pati yung communication lines—maybe if you go to the area you would find that the signal is not very good in that area.**

Ang kombinasyong *Use of First-Person Plural Pronouns* at *Giving or Asking of Reason* (UPL/RSN) ay nakita rin, base sa nag-iisang halimbawang makikita sa ibaba, ginamit ni Iqbal ang Ingles na panghalip na "we" at "our" upang maipahiwatig na siya, kasama ng iba pang mga *resource person*, at ang mga senador ay parehong may magandang relasyon sa mga

kasapi ng Philippine National Police at upang maipaliwanag na ang oras na kinasasakupan ng senate hearing ay parehong sa mga senador at mga resource person (*naka-italicize* ang mga salitang tumutukoy sa *use of first-person plural pronouns* habang **naka-bold** ang tumutukoy sa *reason*):

> **MOHAGHER IQBAL:** If that is true your honor, then it is very regrettable that such kind of a situation would happen. **I understand the feelings of** ***our*** **friends from the PNP if the report is really true. But because** ***we*** **don't have the time,** ***we*** **didn't have the opportunity to really check that such kind of situation really happened. But at any rate I would vouch for the statement coming of** ***our*** **friends from the PNP that there were parts of the firearms changed for another part—I don't know the technical term for that.**

Isang huling kombinasyong napansin ay ang *Use of First-Person Plural Pronouns* at *Solidarity* (UPL/SOL), na kahalintulad ng kahambing na resulta nina Ambuyo, Indede, at Karunja (2011), ipinahiwatig ni Senador Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr. ang pagiging responsable rin ng mga mambabatas (sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, ang mga senador) sa pagganap sa mga tungkulin upang manumbalik ang pagtitiwala ng mga taga-Autonomous Region in Muslim Mindanao sa mga pangunahing tauhan ng prosesong pangkapayapaan, na bahagya lamang ang pagsasakatuparan ng kanilang mga tungkulin upang maisabatas ang Bangsamoro Basic Law sa kabila ng ilang mga hindi inaasahang pangyayari (*naka-italicize* ang mga salitang tumutukoy sa *use of first-person plural pronouns* habang **naka-bold** ang tumutukoy sa *solidarity*):

> **SENADOR FERDINAND "BONGBONG" MARCOS, JR.:** But anyway, nandyan na yan. **And this is why I just bring it up so that** ***we*** **all understand that** ***we*** **are all pushing for the same thing: the continuation of the peace process. The BBL has been suspended, the peace process has been suspended,** ***we*** **need to return to that. And the only way to do that is to regain the trust of the people. And we have lost that trust. Those of us who are been working for the peace process have lost that trust.** ***We*** **need to regain it.**

Sunod na tatalakayin sa ikalawang bilang ang mga resulta para sa ikalawang katanungang ng pananaliksik.

2. Paano nababawasan ng mga senador at mga resource person ang *negative face* sa konteksto ng *senate hearing*?

**Table 4**

*Mga Ginamit na Negatibong Politeness Strategy sa Senate Hearing*

| MGA NEGATIBONG POLITENESS STRATEGY | N | % |
|---|---|---|
| *Explanations* (**EXP**) | 31 | 37% |
| *Higit sa isang istratehiya* | 26 | 31% |
| *Asking for clarifications* (**CLR**) | 15 | 18% |
| *Minimizing the imposition* (**MIN**) | 4 | 5% |
| *Deference* (**DFR**) | 3 | 4% |
| *Using obviating structures* (**OBV**) | 2 | 2% |
| *Circumlocution* (**CIR**) | 1 | 1% |
| *Indirectness* (**IND**) | 1 | 1% |
| *Apologies and compensations* (**APL**) | 0 | 0% |
| *Answering a question with a question* (**AQQ**) | 0 | 0% |
| *Ignoring and denying* (**IGN**) | 0 | 0% |
| *Use of hedges* (**HDG**) | 0 | 0% |
| *Evasion* (**EVS**) | 0 | 0% |
| *Use of sarcasm and other figures of speech* (**SRC**) | 0 | 0% |
| *Criticisms and disapproval* (**CRT**) | 0 | 0% |
| *Being pessimistic* (**PES**) | 0 | 0% |
| **KABUUANG BILANG** | **83** | **100%** |

Makikita sa *table* sa ibabaw ang mga negatibong *politeness strategy* na ginamit sa senate hearing tungkol sa insidente sa Mamasapano, Maguindanao. Batay sa mga resulta sa itaas, ang pinakapalasak na negative politeness strategy ay ang pagpapaliwanag o *explanations*. Magkahalintulad man ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral sa mga resulta nina Al-Rassam (2010), Li (2008), Pangestika, Agustina, at Manaf (2018), Cakir, Kokpinar Kaya, at Kara (2016), Aremu (2015) at Buddharat, Ambele, at Boonsuk (2017) dahil sa pagiging mas palasak ng mga negatibong istratehiyang paggalang, salungat naman ang mga resulta nito sa resulta ng pananaliksik na ito sapagkat natagpuan sa resulta ng mga nasabing pag-aaral na palasak ang mga istratehiyang gaya ng pag-iwas sa katanungan, pagpapaliguy-ligoy, panghahamak sa kausap, hindi pagsagot sa katanungan nang tahasan, at pagsagot sa tanong sa pamamagitan ng isa pang tanong. Ang isa sa mga dahilang dulot ng nasabing resulta ay

kinakailangan ng mga *resource person* na magpaliwanag batay sa mga katanungan ng mga senador. Ang paliwanag ay nagsisilbing lunas sa mga katanungan ng mga senador bilang bahagi ng kanilang pagsisiyasat; ang hindi pagsagot ay maaaring magsilbing pananda ng karapatan ng resource person na manahimik (maliban na lamang kung ang *resource person* ay kinakailangang magsalita upang hindi mapatawan ng kasong *perjury* o *contempt*). Ikatlo, ang mga pagpapaliwanag ay sadyang nangyayari sa bawat *senate hearing* dahil ninanais ng mga senador ang panig ng mga resource person upang maitimbang nila ang katotohanan at laman ng mga salaysay.

Ang mga pagpapaliwanag ay maaaring magsilbing pagsasalaysay ng mga pangyayaring kaugnay ng tampok na isyu, na kinakailangan upang masuri ng mga senador sa *hearing* kung ano ang pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari at kung bakit naganap ang mga pangyayari, inaasahan man o hindi inaasahan.

Matatagpuan ang ilang mga halimbawa ng palitang matatagpuan sa ibaba (*naka-italicize* ang mga nagpapahiwatig ng pagpapaliwanag):

**UNANG PALITAN**

**SENADOR FERDINAND “BONGBONG” MARCOS, JR.:** So I will ask, since you were in the middle of all of this, Gen. Galvez, would you give us the narrative. Dahil the AFP report and the GPH Coordinating Committee on the Cessation of Hostilities—the GP and MILF panels—magkakaiba ng kauntisa timing. So Gen. Galvez, give us the narrative when you first heard of this incident and what happened afterwards?

**GENERAL GALVEZ**: Mr. Chairman, your honors, this is the significant incident that happened, pertaining to our mechanisms. *First, I was able to receive the information pertaining to the fire fight at 6:38. I was then in Iligan City sir, taking care of the independent decommissioning board. I’m with all my whole staff in the CCCH government panel.*

*Then afterwards, we organized—when we verified that there were really fighting, after 30 minutes of verification to the field units—we immediately organized the Joint Ceasefire Crisis Team, which is involving the IMT, the Joint Ceasefire Secretariat headed by Mr. Rashid Ladiasan—the chairman of the MILF CCCH, also with the Joint Ceasefire Monitoring Team.*

*And then at 9:00 o’clock, the Joint Ceasefire Crisis team, composed of this representative, immediately assembled at Cotabato City...Then they proceeded to Brgy. Culoy, Shariff Aguak to meet with the two base commanders of the 105th and the 118th, Ustadz Zakariah Goma for the 105th, and Wahid Tundok for the 118th base command.*

**IKALAWANG PALITAN**

**SENADOR FERDINAND "BONGBONG" MARCOS, JR.:** Thank you Gen. Galvez. Gen. Orense, since you are the GPH AHJAG, could you give your own narrative as to the events surrounding the Mamasapano incident, sir?

**GENERAL ORENSE:** Yes sir. Actually, as what I have stated before, *I was awakened by a call from an unknown source. But I answered it and it was Police Director Napenas sir. And he informed me that they were going to operate.*

*They were going to operate and he asked me if I could cooperate with my counterpart in the AHJAG, Atty. Dataya. And I told him sir bakitnamanora-orada? He was saying, he told me that medyo confidential kasiyung mission. So sabi ko sa kanya I will do my best effort.*

*He informed me also that it is in coordination, or with the Maguindanao PPO. So the first thing I did was I called up Col. Jocson, the Maguindanao police director, and asked him if he know about the operation. And he informed me that he did not know about it.*

*Then I called up Col. Feliciano, the commander of the 601 Brigade, and I asked him if he know about the operation. And he told me that he did not know about it. Anyway, since I believe that my commander was still sleeping at that time, resting still at that time, I took the cudgel and initiative to inform or to direct Col. Feliciano, to give assistance and support to Police Director Napenas at that time. So that's what I did. And he said he would do the support operation for Police Director Napenas.*

Maaari ring gumanap bilang paglilinaw ng isang konseptong hindi gaanong naipaliwanag sapagkat layon ng pagpapaliwanag o *explanation* na magbigay-linaw at magbigay-tugaygay sa mga salaysay ng mga *interlocutor*, lalo na ang mga *resource person* na inaasahang maging tahasan at malinaw sa kanilang pagsasalita. Matatagpuan sa ibaba ang halimbawa ng palitan, kung saan iminungkahi ni Senador Marcos kay General Galvez na ipaliwanag kung sino ang kanyang sinamahan noong araw nang maganap ang karahasan sa Mamasapano:

**GENERAL GALVEZ**: Sir the problem is the CCCH, the main bulk of the CCCH, is then escorting the IDB.

**SENADOR FERDINAND "BONGBONG" MARCOS, JR.:** Escorting?

**GENERAL GALVEZ:** *We are escorting the Independent Decommissioning Board at Iligan City. If we have the prior knowledge, we will immediately go to Cotabato City. The problem now is being the chairman, it is very vital that I'm supposed to be....*

Ang ikalawang pinakapalasak na resulta ay ang dalawang kombinasyon ng mga negatibong istratehiyang paggalang, parktikular na ang kombinasyong *Deference* at *Explanation* (DFR/EXP). Ang isa sa mga dahilan ay dahil kinikilala ng mga senador at mga resource person ang katungkulan at antas ng isa't-isa kahit na ang mga senador ay mas mataas ang katungkulan at antas. Ikalawa, ang *senate hearing* ay isang kontekstong pormal kung saan inaadres ang isang tao ayon sa kanyang titulo at/o *honorific*. Ikatlo, ang paggamit ng mga *deference* sa pagpapaliwanag ay nagpapahiwatig ng paggalang sa kausap habang nagsasalaysay o nagbibigay-linaw sa isang pangyayari o konsepto, kagaya ng mga halimbawa sa ibaba (*naka-italicize* ang mga deference marker habang **naka-bold** ang mga tumutukoy sa pagpapaliwanag):

**UNANG PALITAN**

**SENADOR FERDINAND "BONGBONG" MARCOS, JR.:** You said they had to agree on a strategy, aren't those set in place already. We've been referring to them as "mechanism"?

**CHAIRPERSON MIRIAM FERRER:** Yes *your honor*, but they had to agree as who will do what? For instance, who will go to the MILF side to tell them at the same time that the message is being transmitted to the SAF side? Because it cannot happen that one will stop fighting and other will still continue fighting and everybody will think that there is no ceasefire again. Therefore, it had to be coordinated well on both sides.

**And in this case the only way to communicate it to the fighters of the MILF was to go there physically to call on them because the text messages were not working, the cell phone communication was not very good.**

**IKALAWANG PALITAN**

**SENADOR FERDINAND "BONGBONG" MARCOS, JR.:** Now, what was the agreement arrived at, at the meeting with the commander of the 105th, Ustadz Zakariah Goma who was the base commander of the 105th?

**GENERAL GALVEZ:** *Sir***, to effect the ceasefire** *sir*. **Through going through the protagonists—in the middle of the protagonists—by having two joint ceasefire teams.**

**SENADOR FERDINAND "BONGBONG" MARCOS, JR.:** But by your own declaration you were only able to say that the ceasefire had actually began at 4:00 pm, why is that?

**GENERAL GALVEZ:** *Sir*, when already the engagement and gun battle started, there is a need for physical presence on the ground. And you cannot just penetrate on the ground without coordination with the protagonists. And there is necessity really that the two teams should be visible on the ground. Because you cannot separate them.

Nakita rin sa mga resultang may kaugnayan sa negatibong istratehiyang paggalang ang mga paghingi ng kalinawan (*asking for clarifications*). Ang isa sa mga dahilan ay sapagkat ninanais ng mga senador na isiwalat ng mga *resource person* ang kanilang hinihinging mga kasagutan ukol sa kinatatampukang isyu. Ang ikalawang dahilan ay ang pangangailangan ng mga senador na himay-himayin at linawin ang mga detalye at kaganapang may kaugnayan sa isyu, lalo na at naieere ang bawat *senate hearing*, lalo na kung ang isyu ay nauukol sa pambansang interes at kaligtasan. Ang huling dahilan ay sapagkat nais ng mga senador na iugnay ang mga salaysay ng mga resource person sa bawat isa.

Matatagpuan sa ibaba ang mga halimbawa ng paghingi ng kalinawan (naka-italicize) ni Senador Marcos mula sa mga *resource person* na sina General Galvez at Mohagher Iqbal:

**UNANG PALITAN**

**GENERAL GALVEZ:** Sir, the house of Zakariah Goma is still more or less 25 to 30 minutes going to the area.

**SENADOR FERDINAND “BONGBONG” MARCOS, JR.:** *That still brings you only until noon time. What happened from noon to 4:00 pm? Why was there continued fighting?*

**GENERAL GALVEZ**: Sir there is an attempt to enter immediately but the fighting is still ongoing, that’s why the....

**SENADOR FERDINAND “BONGBONG” MARCOS, JR.:** *That’s what I’m trying to get at. How do we shorten that period, from the time that you contact the commanders of the MILF, saying that these are government troops that are being fired upon, until the actual ceasefire? We want to shorten that process. Why did it take so long?*

**IKALAWANG PALITAN**

**SENADOR FERDINAND “BONGBONG” MARCOS, JR.:** *Maybe Chairman Iqbal, you can help us here. The commander of the 105th, Commander Goma, had already been informed by let us say, 11:30, that the troops in front of them were government troops, why did the fighting did not stop?*

**MOHAGHER IQBAL:** On my side, your honor, we have an internal arrangement. That although I am the Chair of the MILF peace panel and directly the CCCH will report to me, but on operational matters our arrangement is that the head of the CCCH will report directly to the highest military commander of the MILF.

## KONGKLUSYON

Sinuri at inilatag ng kasalukuyang pag-aaral ang iba’t-ibang mga positibo at negatibong istratehiyang paggalang na isinasagawa ng mga senador at mga *resource person*

sa konteksto ng *senate hearing*. Batay sa mga resulta, higit na ginamit ang mga negatibong *politeness strategy* kaysa sa positibong istratehiya, lalo na kapag nagbabatuhan ng mga tanong at mga sagot ang mga senador at mga *resource person*. Ang ilan sa mga pinakapalasak na *negative politeness strategy* ay ang pagpapaliwanag (*explanation*), ang kombinasyong pagbibigay-galang at pagpapaliwanag (*deference and explanation*), at paghingi ng kalinawan (*asking for clarifications)*. Ang isa sa mga dahilan ay sapagkat kinakailangan ng mga *resource person* na sagutin ang mga tanong ng mga senador, lalo na kung ipinasasalaysay sa kanila ang kanilang pagganap at karanasan sa isang isyung kinabibilangan nila. Ang pangalawang dahilan ay dahil sa pormal na konteksto at istruktura ng *senate hearing*, na dapat sundin ng mga *interlocutor* upang maiwasan ang mga pagkakamali at hidwaan. Ang ikatlong dahilan ay ang agwat ng mga senador at mga *resource person* pagdating sa antas at estado sa lipunan, lalo na sa loob ng kapulungang pang-senado. Hindi gaano kapalasak ang mga positibong istratehiyang paggalang dahil sa pagiging seryoso ng usapan, sa bigat ng mga usapin, at sa pangangailangan ng mga *resource person* na maging pormal, tahasan, at makatotohanan sa pagsasalaysay upang maiwasan ang pagkakaroon ng kinikilingan sa bahagi ng mga senador at ng mga *resource person*.

Ipinahihiwatig ng pag-aaral ang kahalagahan ng maayos na pakikipag-ugnayan ng mga mambabatas at mga *resource person* sapagkat hindi lamang isang pormal na diskursong pampubliko ang mga pagdinig sa senado kundi isa ring pagkakataon upang higit na maisiwalat ng mga panauhin ng senado ang kanilang mga nalalaman tungkol sa mga isyung sumasailalim sa mga pagdinig. Ang isa pang nais na mabatid ng kasalukuyang pananaliksik ay ang pagiging tahasan ng mga panauhin pagdating sa pagsasagot ng mga katanungan sapagkat sila ay mga maituturing na susi sa paglutas sa mga isyu, lalo na ang mga may kinalaman sa korapsyon at iba pang mga anomalya. Kaakibat din ng pagdalo sa mga pagdinig ay ang pagiging mabusisi at walang kinikilingan ng mga senador sa pagtatanong, sa halip na pagpapairal ng pagtutungayaw, pandidiin, paninisi, at pamamahiya, na ginagawa kung minsan ng ilang mga mambabatas upang maipamalas ang kapangyarihan, maipakita sa mga *resource person* kung sino ang dapat na masunod, at marahil din ay upang itago ang kanilang pagiging kasangkot sa mga iniimbestigahang mga anomalya at iskandalo. Sa paglalagom, maituturing na isang mahalagang aral para sa mga nagsisimula at pausbong na pulitiko sa kasalukuyan ang mga pagdinig sa senado upang kanilang ganap na matutunan ang mga panuntunan, etiketa, at layon hindi lamang ng mga pagdinig kundi maging ang iba pang mga pampulitikang diskurso bilang bahagi ng kanilang tungkulin, lalo na at sila ay nasa lehislaturang sangay ng pamahalaan. Para naman sa mga mag-aaral, lalo na sa mga antas ng ika-11 at ika-12 na baitang ng *senior high school* at sa kolehiyo, iminumungkahi na ituro sa mga mag-aaral ang mga diskursong pampulitika hindi lamang sa matematika, wika, pang-midyang pag-aaral, at kasaysayan at lipunan, kundi maging sa edukasyong pagpapahalaga at pag-unawa sa sarili,

sapagkat ang mga diskursong pampulitika ay hitik sa kaalaman at maiuugnay sa iba't ibang mga disiplina at larangan.

Maaaring maging implikasyon ng kasalukuyang pag-aaral ang malalimang pagtuturo ng mga diskursong pampulitikal sapagkat ang mga ito ay nagaganap sa tunay na buhay at hitik sa mga datos na maaaring gamitin sa pag-aaral at sa pagsasaliksik. Ang mga diskursong kagaya ng mga *senate hearing* ay maaaring pag-aralan sapagkat maituturo sa mga mag-aaral hindi lamang ang istruktura at konteksto ng pagdinig kundi maging ang pagpapalitan ng mga kalahok sa pagdinig at iba pang mga diskursong pampulitika, maging ang mga mensahe at mga aktong maaaring magbunga mula sa mga interaksyon. Ang ikalawang implikasyon para sa pagtuturo ay maaaring maituro sa mga mag-aaral ang konsepto ng paggalang sa mga araling kagaya ng *Values Education*, Araling Panlipunan, Filipino, *English*, mga kursong pang-General Education sa mga unang dalawang baitang ng kolehiyo (hal. *Understanding the Self, Purposive Communication, The Contemporary World, Readings in Philippine History, Life and Works of Rizal* at iba pa), at pagsasaliksik, bukod sa mga pangkolehiyong kurso sapagkat ang *politeness* o paggalang ay hindi lamang nakatuon sa pag-aasal kundi sa pamamaraan ng palitan ng diskurso, paghihimaymay sa mga makasaysayan at kasalukuyang mga pangyayari, at mga panuntunan at gawi sa diskursong pulitikal. Ang huling implikasyon ay maaaring gawing paksa ng pagsasaliksik ang mga senate hearing, lalo na kapag isasagawa ang paghahambing ng iba't-ibang mga pagdinig upang makita ang pagkakaiba-iba.

Inirerekomenda ng kasalukuyang pag-aaral na pag-aralan ang iba pang mga excerpt ng mga pagdinig sa senado upang magkaroon ng mga parisan at maging ang paghahambing, sapagkat mas madalas kaysa hindi ang pagkakaiba ng mga *senate hearing* pagdating sa mga paksa, mga ispesipikong tauhan, at mga istratehiyang paggalang kahit na halos pare-pareho ang pormat ng mga pagdinig sa senado. Ang isa pang rekomendasyon ay dapat na maging mas mahaba ang bawat *transcript* upang mas malaliman at malawakan ang pag-aaral na gagawin pagdating sa mga uri ng mga pamamaraang paggalang, lalo na kapag ang isang pagdinig ay kaugnay sa isang napakaselang isyung dapat na pag-usapan at bigyan ng mga agarang lunas. Ang huling suhestiyon ay dapat ding pag-aralan ang iba pang mga aspektong gaya ng *face-threatening acts* upang masuri ang mga pamamaraan kung paano naaapektuhan sa positibo at sa negatibong mga pamamaraan ang *face* o pampublikong mukha at imahe ng nagsasalita at ng kausap batay sa kung paano nakaaapekto ang akto sa nagsasalita at sa kausap.

**MGA REFERENCE**

Al-Rassam, E.M. (2010). Analyzing political discourse: towards a pragmatic approach. *College of Basic Education Researchers Journal, 10*(1), 528-552.

Ambuyo, B.A., Indede, F.N., and Karunja, P.N.. (2011). Politeness or 'politics' in the question time discussion of the Kenyan Parliament. *International Journal of Humanities and Social Science, 1*(19), 209-218.

Aremu, M.A. (2015). Being politically impolite: a community of practice analysis of invective songs of Western Nigerian politicians. *International Journal of Society, Culture, and Language, 4*(1), 103-116.

Boicu, R. (2007). *Modal Verbs and Politeness Strategies in Political Discourse* [PDF file]. Retrieved from https://mpra.ub.uni-muenchen.de/45913/1/MPRA_paper_45913.pdf

Buddharat, C., Ambele, E.A., and Boonsuk, Y. (2017). Uncooperativeness in political discourse: violating Gricean Maxims in presidential debate 2016. *Songklanakarin Journal of Social Sciences and Humanities, 23,* 179-216.

Cakir, S., Kokpinar Kaya, E., and Kara, A. (2016). Evasion strategies used in Turkish political discourse. *The Journal of International Social Research, 9*(46), 58-64.

Crespo, E. (2005). Euphemistic strategies in politeness and face concerns. *Pragmalinguistica, 13*, 77-86.

Khan, Z.M. and Anwar, M.N. (2016). Analysis of positive and negative strategies in Trump's interview to New York Times. *Sci. International (Lahore), 28*(4), 703-708.

Klotz, P. (1999). Politeness and political ideological implications. *Pragmatics, 9*(1), 155-161.

Li, S. (2008). A performative perspective of flouting and politeness in political interview. *SKASE Journal of Theoretical Linguistics, 5*(2), 32-47.

Missikova, G. (2009). Politeness Strategies in Mass Media Communication: A Comparative Analysis of Slovak and American Talk Shows. In Trusnik, R. and Nemcokova, K. (Eds.). *Proceedings of the First International Conference on English and American* Studies (pp.13-26). Zlin, Czech Republic: Tomas Bata University.

Pangestika, W., Agustina, A., and Manaf, N.A. (2018). Language Politeness Performed by Politicians in the Discourse of Jakarta Election 2017 at Online Portal News [PDF File]. *Proceedings of International Conferences on Educational, Social Sciences, and Technology*. DOI: https://doi.org/10.29210/2018148

Quimpo, N.G. (2016). Mindanao: nationalism, Jihadism and frustrated peace. *Journal of Asian Security and International Affairs, 3*(1), 1-26.

Redmond, M.V. (2015). *Face and Politeness Theories* [PDF file]. Retrieved from https://dr.lib.iastate.edu/server/api/core/bitstreams/976d221e-a6d3-4b0a-afec-d9b8b035724c/content

Strachan, A.L. (2015). *Conflict Analysis of Muslim Mindanao*. Birmingham, UK: GSDRC, University of Buckingham.

Villareal, G. (2016). *Operation Exodus: The Massacre of 44 Philippine Police Commandos in Mamasapano Clash* (Master's Thesis). Monterey, California: Naval Postgraduate School.